Tagalog

Mabuhay!

Tuloy po kayo rito sa Web ng Imigrasyon ng Peel! Ang website na ito ay nagtataglay ng mga mahahalagang impormasyon na makatutulong sa inyong pagtira sa Rehiyon ng Peel.

Mga pamamaraan upang makakuha ng tulong sa ibang mga wika:

Mga Serbisyo sa Ibang Mga Wika

Tanggapan para sa mga Bagong Dating sa Peel o Peel Newcomer Information Centres (NIC): Isang serbisyo sa pagkokonsulta at impormasyon na may mga kawani na makatutulong sa inyo sa iba pang wika bukod sa Ingles. Sumangguni sa NIC na pinakamalapit sa inyo.

Settlement Service Organizations: Nagkakaloob ng mga programang sensitibo pang-kultura at makatutulong sa inyong pinakapangunahing pangangailangan para sa imigrasyon. Ang mga serbisyo ay madalas na libre; ipinagkakaloob sa iba't ibang wika maliban sa Ingles (ang ilang mga tanggapan ay mayroong kawani na Pranses ang salita). Humanap ng tanggapan ng Settlement Service Organization na malapit sa inyo.

Iba pang Mga Tanggapan na Maaring Malapitan

Ang 2-1-1 ay isang libreng linya ng telepono ng serbisyo sa pagkokonsulta at impormasyon na umuugnay sa mga residente ng Peel para sa mga bagay na walang panganib, komunidad, panlipunan, mga serbisyong pangkalusugan at pamahalaan. Ito ay pinagkakaloob sa iba't ibang wika 24-oras- isang araw / 7-araw-isang linggo.

Tumawag sa 9-1-1 kung kailangan ninyo ng mga serbisyo kung may **panganib** – para sa pulisya, bumbero o ambulansya.

Ang serbisyo para sa pagsasaling-wika ay nakalaan sa 9-1-1 kung kailangan. Mayroon silang nakalaang mga interpreter na makapagsasalita ng mahigit na 140 mga wika.

Linya Para sa Mga Kababaihang biktima ng Pananakit

1-866-863-0511

Linyang pangkrisis para sa mga babaeng biktima ng pananakit na may serbisyong maaaring isalin sa 150 iba't ibang wika

24-oras-isang-araw, 7-araw-isang-linggo

Sa kabuuan ng website, makahahanap kayo ng mga impormasyon at mga dokumento sa iba pang wika na maaring makatulong sa inyo.